

Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (NBTC)**Patungkol sa: Eksemsiyon sa Pagkalisensiya para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Istasyon ng Komunikasyong Panradyo sa ilalim ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955**

Sapagka't naaangkop na itakda na ang kagamitan sa komunikasyong panradyo at istasyon nito na nagamit sa ilang uri ng serbisyo, ay eksempted sa pagkalisensiya sa kadahilanan ng patuloy na pag-unlad ng makabagong teknolohiya sa komunikasyong panradyo at paglago ng mga serbisyo kaugnay rito. Ang paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo sa ilang pagka-uri, o paggamit sa ilang uri ng serbisyo, ay hindi dapat makaapekto sa pagkakagamit ng mga ito sa ibang serbisyo sa pangangasiwa sa pagpaparating ng mga radio frequency sa mga gumagamit o users ng kagamitan sa komunikasyong panradyo, at upang mapangasiwaan hangga't kinakailangan ng naaayon sa mga pang-internasyonal na kasanayan at rekomendasyon mula sa Samahan ng Pandaigdigang Telekomunikasyon (International Telecommunication Union)

Sa bisa ng mga probisyon sa ilalim ng Seksyon 27 (4) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisiyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010, na sinusugan mula Batas sa Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisiyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (Bi. 2) (2007) at Seksyon 27 (24), (25) at Seksyon 81 ikalawang talata ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisiyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010 na kaugnay sa Seksyon 6 Talata 2 at Seksyon 11 Talata 4 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955, na sinusugan ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1992, ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay samakatuwid nagtutukoy sa eksemsiyon ng lisensiya para sa kagamitan sa komunikasyong panradyo at istasyon ng telekomunikasyong panradyo sa ilalim ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955 batay sa mga sumusunod:

Takda 1 Ang Abiso ay pagbibigyang bisa isang araw mula sa petsa ng pagkalathala nito sa Government Gazette

Takda 2 Ang mga sumusunod ay pinapawalang bisa:

- (1) Ang Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid sa Eksemsiyon sa Pagkalisensiya para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Istasyon ng Komunikasyong Panradyo na napetsahan noong ika-18 ng Hulyo, 2007.
- (2) Ang Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid sa Eksemsiyon ng Lisensiya para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Istasyon ng Komunikasyong Panradyo na napetsahan noong ika-22 ng Oktubre, 2009.
- (3) Ang Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagpapasiya ng mga Eksemsiyon sa Pagkalisensiya para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Istasyon ng Komunikasyong Panradyo sa Serbisiyong Sound Broadcasting at ng Serbisiyong Television Broadcasting sa ilalim ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955 at 2013 na napetsahan noong ika-4 na Hulyo, 2013.

Takda 3 Ang mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may katangian o ginagamit sa mga sumusunod na serbisyo ay eksemte sa pagkakalisensiya sa pagkakagawa o pagkamanufacture, pagmamay-ari, paggamit, pag-angkat, pagluluwas o pag-eksport, at pangangalakal ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo at pagtatayo ng istasyon ng komunikasyong panradyo maliban kung tinukoy sa Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon.

(1) Mga kagamitang panukat sa elektronik at telekomunikasyon, instrumentong medikal, at mga kagamitang panukat na pang-agham at pang-industriya.

(2) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo sa kategorya ng Audio Transmitter na may radio frequency na 88 – 108 MHz, at hindi hihigit sa 10mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

(3) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 54 – 74 mW at hindi hihigit sa 10mW transmitting power

(4) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo sa kategorya ng Radar na nasa radio frequency na 5.725 – 5.875 GHz, 1- - 10.6 GHz, 24.05 – 24.25 GHz, at 76 – 81 GHz, na hindi hihigit sa 10 mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

(5) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo sa kategorya ng Radar Tank Gauge/Radar Level Gauge na ginagamit sa isang saradong container lamang.

(6) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na bababa sa 315 KHz at hindi hihigit sa 150 mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

(7) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 13.553 – 13.567 MHz at hindi hihigit sa 10 mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

(8) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 26.965 – 27.405 at hindi hihigit sa 100 mW transmitting power

(9) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 30 – 50 MHz at hindi hihigit sa 10 mW transmitting power.

(10) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 300 – 500 MHz at hindi hihigit sa 10 mW transmitting power.

(11) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 2400 – 2500 MHz at hindi hihigit sa 100 mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

(12) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 4.150 – 5.350 GHz at hindi hihigit sa 200 mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

(13) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 5.470 – 5.725 GHz at hindi hihigit sa 1 W Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)

- (14) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa radio frequency na 5.725 – 5.850 GHz na hindi hihigit sa 1 W Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)
- (15) Pocket unit na Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo para sa on-site na paging system na nasa radio frequency na 25 – 470 MHz at hindi hihigit sa 50 mW Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.)
- (16) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo sa kategorya ng Radio Frequency Identification (RFID) sa uri ng Passive Transponder/Passive Tag na nasa radio frequency na 920 – 925 MHz
- (17) Radio receiver na ginagamit sa Serbisyong Radionavigation – Service Satellite, radio receiver na ginagamit sa Serbisyong Radiolocation o radio receiver na ginagamit sa Radiolocation – Service Satellite.
- (18) Radio receiver na ginagamit sa Meteorological Aids Service, o radio receiver na ginagamit sa Meteorological Satellite Service.
- (19) Radio receiver na ginagamit sa Earth Exploration – Satellite Service.
- (20) Radio receiver na ginagamit sa Standard Frequency at Time Signal Service, o radio receiver na ginagamit sa Standard Frequency at Time Signal – Satellite Service.
- (21) Radio receiver na ginagamit sa Serbisyo sa Pangkalawakang Pananaliksik
- (22) Radio receiver na ginagamit sa Serbisyo sa Radyoastronomiya
- (23) Radio receiver na ginagamit sa Serbisyong Pangkaligtasan alinsunod sa Regulasyong Panradyo

Ang paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo sa likas na katangian o mga negyosyo sa ilalim ng Talata 1 ay dapat napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon.

- (1) Ang ano mang kagamitan ay pinagbabawalang kumonekta, o mag-tune, o gamitin bilang aksesorya ng kagamitan sa komunikasyong panradyo para sa pagpapataas sa pakawalang lakas o radiated power ng labis kaysa sa tinukoy na pakawalang lakas.
- (2) Ang karapatan sa proteksyon ng panghihimasok ay hindi ipinagkaloob sa paggamit ng mga nabanggit na kagamitan sa komunikasyong panradyo. Kung ang panghihimasok sa antas ng intensidad ay nangyari labag sa paggamit ng iba pang mga lisensiyadong radio frequency sa anumang lugar, dapat agad na suspindihin ng user ang paggamit ng naturang radio frequency na nagdudulot ng pagkagambala sa lugar na iyon.
- (3) Ang paggamit ng mga nabanggit na kagamitan sa komunikasyong panradyo ay hindi dapat magsanhi ng epekto sa pagkagana ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na ginagamit bilang instrumentong medikal.

Takda 4 Ang mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may katangian o ginagamit sa mga sumusunod na serbisyo ay eksempted sa pagkakalisensiya sa pagmamay-ari, paggamit, at pagluwas o pag-eksport ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo, subalit hindi eksempted sa pagkakalisensiya sa paggawa o manufacture, pag-angkat o pagkalakal ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo.

- (1) Ang mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na nasa kategorya ng panradyong kontrol na isang huwad na imbensiyon na nasa radio frequency na 72.000 – 72.475 MHz, at may transmitting power na hindi hihigit sa sa 750 mW
- (2) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo para sa citizen band na may radio frequency na nasa 78 – 79 mW or 245 – 247 mW at may transmitting power na hindi hihigit sa 500 mW
- (3) Video transmitter o video at audio transmitter na may radio frequency na nasa 510 – 790 MHz at may transmitting power na hindi hihigit sa 10 mW
- (4) Mga Aparatong pang Short Range na nasa katangian ng Wireless Local Area Network (WLAN) o Wireless Network (WPAN) na may radio frequency na nasa 57 – 66 GHz at hindi hihigit sa 10 W Equivalent Isotropically Radiated Power (E.I.R.P.); at kagamitan sa komunikasyong panradyo na nakabit na integral antenna na may kagamitan sa komunikasyong panradyo at walang konektor ng antenna para sa paggamit ng eksternal na antenna.
- (5) Cordless na telepono na ginagamit sa pangpersonal na serbisyo ng radio frequency na nasa 1900 – 1906 MHz at may transmitting power na hindi hihigit sa 10 mW
- (6) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na may radio frequency na nasa 26.965 – 27.405 MHz at transmitting tower higit sa 100 mW ngunit mas bababa sa 500 mW
- (7) Pocket unit na Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na ginagamit sa pampublikong serbisyo sa pagnenegosyo ng komunikasyong panradyo na kabahagi sa paggamit ng sentral na istasyon sa pagkontrol
- (8) Satellite television receiver para sa partikular na panoorin, ng nang walang paggamit ng signal para sa komersyal na kapakinabangan o subskripsyon ng receiver ng telebisyon, maliban kung gamitin para sa pagtanggap o pag-convert ng signal upang makatanggap ng serbisyo sa pantunog na pagsasahimpapawid o subskripsyon ng mga programa sa serbisyo sa pagsasahimpapawid sa telebisyon na dapat lisensyado para sa paggawa, pag-angkat, pagbebenta o pag-aari para sa pagbebenta, o pag-install ng naturang instrumento o kagamitan sa ilalim ng Seksyon 70 ng Batas sa Pagnenegosyo sa Pagsasahimpapawid at Telebisyon ng 2008.
- (9) Signal converter ng digital terrestrial television

Takda 5 Ang mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may katangian o ginagamit sa mga sumusunod na serbisyo ay eksempted sa pagkakalisensiya sa paggawa o manufacture, pag-aari, paggamit, pag-angkat at pagluwas o pag-eksport ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo, at pagtaguyod ng mga istasyon ng komunikasyong panradyo, subalit ay hindi eksempted sa pagkakalisensiya para sa pangangalakal ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo.

- (1) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo sa kategorya ng Radio Frequency Identification (RFID) sa uri ng Interrogator/Reader at Active Tag na may radio frequency na 920 – 925 MHz, at hindi hihigit sa 50 mW Equivalent Isotropically Radidated Power (E.I.R.P.)
- (2) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na wala sa kategorya ng RFID na may radio frequency na 920 – 925 MHz, at hindi hihigit sa 50 mW Equivalent Isotropically Radidated Power (E.I.R.P.)

Takda 6 Ang mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may katangian o ginagamit sa mga sumsunod na serbisyo ay eksemtd sa pagkalisensya sa pagmamay-ari, paggamit, at pagluwas o pag-eksport ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo, at pagtaguyod ng mga istasyon ng komunikasyong panradyo, subalit ay hindi eksemtd sa pagkalisensya para sa paggawa o manufacture, pag-angkat o pangangalakal sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo.

- (1) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo sa kategorya ng Radio Frequency Identification (RFID) sa uri ng Interrogator/Reader at Active Tag na may radio frequency na nasa 920 – 925 MHz, at hindi hihigit sa 50 mW Equivalent Isotropically Radidated Power (E.I.R.P.)
- (2) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na wala sa kategorya ng RFID na may radio frequency na nasa 920 – 925 MHz, at hindi hihigit sa 500 mW Equivalent Isotropically Radidated Power (E.I.R.P.)
- (3) Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na nasa regular na serbisyo na may radio frequency na nasa 57 – 66 GHz at may transmitting power na hindi hihigit sa 500 mW.

Takda 7 Ang pocket unit na kagamitan sa komunikasyong panradyo sa mga mobile na serbisyo, o pocket unit na kagamitan sa komunikasyong panradyo na ginagamit sa serbisyong pangnegosyo ng komunikasyong panradyo para sa Sistema sa Global Mobile Personal Communications by Satellite (GMPCS) na may tatak, disenyo o modelo na nasuri at sertipikado sa pamantayan mula sa Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay eksemtd sa pagkalisensya sa pagmamay-ari, mag-angkat, pagluwas o pag-eksport, o pangangalakal ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Clause 8 Ang pocket unit na kagamitan sa komunikasyong panradyo sa mga mobile na serbisyo, o pocket unit na kagamitan sa komunikasyong panradyo na ginagamit sa serbisyong pangnegosyo ng komunikasyong panradyo para sa Sistema sa Global Mobile Personal Communications by Satellite (GMPCS) ng panglokal na provider ng serbisyo ay eksemtd sa pagkalisensya para sa paggamit sa kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Takda 9 Ang pocket unit na kagamitan sa komunikasyong panradyo sa mga mobile na serbisyo, o pocket unit na kagamitan sa komunikasyong panradyo na ginagamit sa serbisyong pangnegosyo ng komunikasyong panradyo para sa Sistema sa Global Mobile Personal Communications by Satellite (GMPCS) ng pang-internasyonal na provider ng serbisyo ay eksempted sa pagkakalisensiya para sa paggamit, pang-angkat, at pagluwas o pag-eksport ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Takda 10 Ang mga kagamitan sa komunikasyong panradyo para sa mga maliliit na himpilang istasyon o repeater sa mobile na serbisyo na may kakayahang magtaglay ng 100 mW at sa paggamit ng integral na antenna ay eksempted sa pagkakalisensiya para sa pagtaguyod ng istasyon ng komunikasyong panradyo.

Takda 11 Ang Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo para sa citizen band na may radio frequency range na 78 – 79 o 245 – 247 mW at may transmitting power na hindi hihigit sa 500 mW, na kung saan ang nagtataglay o user ng nasabing kagamitan sa komunikasyong panradyo ay naaprubahan para sa pagkakaroon o paggamit mula sa may-ari, na siyang nagtataglay ng lisensiya para sa pagmamay-ari ng nasabing kagamitan sa komunikasyong panradyo, ay eksempted sa pagkalisensiya ng pagmamay-ari at paggamit ng nasabing kagamitan, subalit hindi kasama ang paglipat ng pagmamay-ari ng nasabing kagamitan sa ibang tao, sa kasong ito ay dapat maging lisensiyado alinsunod sa Batas sa Komunikasyong Panradyo.

CLAUSE 12 IS MISSING

Takda 13 Ang mga aparato ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na itinakda ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay dapat ituring na kagamitan sa komunikasyong panradyo na binuo o ginagamit sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na lisensiyado na at eksempted sa muling pagpapalisensiya

Takda 14 Ang istasyon ng komunikasyong panradyo na ginagamit sa mga sumusunod na katangian at tumatalima sa mga kondisyon na iniatas ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay eksempted mula sa pagkalisensiya para sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo.

- (1) Ang istasyon ng komunikasyong panradyo na legal na ginagamit sa mga serbisyo ng administratibong ahensiya sa ngalan ng juristic person
- (2) Ang istasyon ng komunikasyong panradyo na legal na ginagamit sa mga serbisyo ng ahensiya ng pamahalaan sa ngalan ng juristic person na hindi isang administratibong ahensiya o hindi isang negosyo ng estado.
- (3) Pocket unit na komunikasyong panradyo na ginagamit sa mga pampublikong negosyo sa komunikasyong panradyo na kabahagi sa paggamit ng sentral na istasyon sa pagkontrol
- (4) Istasyon na Satellite Television Receiver Only (TVRO) para sa tiyak na panoorin at hindi paggamit ng signal para sa komersyal na kapakinabangan

- (5) Istasyon ng tagatanggap ng signal sa pantelebisyonang subskripsyon
- (6) Cordless na telepono na ginagamit sa pangpersonal na serbisyo ng radio frequency na nasa 1900 – 1906 GHz at may transmitting power na hindi hihigit sa 10 mW
- (7) Istasyong resepsyon ng Digital Terrestrial Television para sa partikular na panoorin, at hindi ginagamit para sa komersyal na kapakinabangan.

Takda 15 Ang istasyon sa komunikasyong panradyo na ginagamit sa mga sumusunod na katangian o mga negosyo ay pansamantalang eksempted mula sa pagkalisensya para sa pagmamay-ari at paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo at pagtatatag ng istasyon nito na hindi hihigit sa tatlong buwan ay eksempted mula sa pagkalisensya para sa pag-angkat o pagluwas o pag-eksport ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

- (1) Mga kagamitan sa komunikasyong panradyo para sa pagsubok na ginagamit para sa pagsusuri, paghahanap, pananaliksik at pagpapaunlad ng teknolohiya sa komunikasyong panradyo o paggamit sa mga aktibidad sa pampublikong benepisyo
- (2) Mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na ginagamit sa espesyal na ahensiya sa ilalim ng United Nations, Tanggapan ng Internasyonal na Komite ng Red Cross, Embahada, Lupon ng Embahada, Konsulado, Pangkalahatang Konsulado, at Konsulado ng ibang bansa.

Takda 16 Ang kagamitan o aparato sa komunikasyong panradyo na inangat sa Kaharian sa pamamagitan ng suplayer (negosyante) sa sona ng pang-industriyang pagluluwas o pag-eksport, o bilang pagpromote ng Lupon ng Pamumuhunan sa ilalim ng layunin ng pagmamanupaktura o paggawa bilang kagamitan o aparato ng komunikasyong panradyo para sa pagluluwas o pag-eksport, ay eksempted mula sa pagkalisensya para sa pag-angkat at pagmamay-ari ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Takda 17 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo o aparato nito na niyari o ginawa para sa pagluluwas o pag-eksport ng suplayer (negosyante) sa sona ng pang-industriyang pagluluwas o pag-eksport o bilang na-promote ng Lupon ng Pamumuhunan ay eksempted mula sa pagkalisensya para sa paggawa, pagmamay-ari at pagluluwas o pag-eksport ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Ang kagamitan o aparato sa komunikasyong panradyo sa ilalim ng Talata 1, na iniluwat o ine-eksport sa labas ng Kaharian at muling na-angkat para sa pagwawasto, pagpapabuti o pagkukumpuni ng depekto at pinsala, ay eksempted mula sa pagkalisensya para sa pag-angkat, paggawa, pagmamay-ari at pagluluwas o pag-eksport ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo

Takda 18 Ang kagamitan o aparatong sa komunikasyong panradyo radiocommunication na na-angkat sa Kaharian at naka-imbak sa libheng sona para sa pagluwas o pag-eksport ay eksempted mula sa pagkalisensya para sa pag-angkat, pag-aari, at pagluluwas o pag-eksport ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Ipinahayag noong ika-18 ng Disyembre, 2017.

Heneral Sukit Khamasunthorn

Komisyoner ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

Gumaganap bilang Komisyoner ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at
Telekomunikasyon

This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.
